# FACT SHEET

U.S. Department of Health and Human Services • Office for Civil Rights • Washington, D.C. 20201• (202)619-0403

# ANG IYONG MGA KARAPATAN SA ILALIM NG TITULO VI NG BATAS NG MGA KARAPATANG SIBIL NG 1964

## Ano ang Titulo VI?

**Ang Titulo VI ng Batas ng mga Karapatang Sibil ng 1964 ay isang pambansang batas na pumuproteka sa mga tao mula sa diskriminasyon batay sa kanilang lahi, kulay o bansang pinanggalingan sa mga programa at mga gawain na tumatanggap ng pederal na tulong-pinansiyal.** Kung ikaw ay karapat dapat para sa "Medicaid", o iba pang tulong pang kalusugan, o mga serbiyong pantao, hindi ka maaaring tanggihan ng tulong dahilan sa iyong lahi, kulay, o bansang pinanggalingan. Ang tanggapan para sa mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights-OCR) ng kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao(Department of Health and Human Services-DHHS) ng Amerika ay nagpapatupad ng TituloVI, gayundin ng iba pang mga batas ng mga karapatang sibil.

Ang ilan sa mga institusyon o mga programa na maaaring sakop ng Titulo VI ay ang mga:

- ✔ Mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga
- ✔ Mga programa para sa tulong-pampubliko
- ✔ Mga tahanan pang-medikal
- ✔ Mga ahensiya para sa pag-aampon
- ✔ Mga ospital
- ✔ Mga gusali para sa pangangalaga sa mga bata
- ✔ Mga gusali para sa may karamdaman sa pag-iisip
- ✔ Mga gusali para sa matatanda
- ✔ "Medicaid" at "Medicare"
- ✔ Mga klinika at mga gusali para sa kalusugan ng pamilya
- ✔ Mga gusali para sa paggagamot ng may bisyo sa alak at droga

## Ang mga Ipinagbabawal na Kilos

Maraming iba-ibang klase ng ilegal na diskriminasyon batay sa lahi, kulay o bansang pinanggalingan na madalas na nagpapaunti ng mga oportunidad ng mga minoriya na makakuha ng pantay na karapatan sa mga serbisyo. Ang tumatanggap ng pederal na tulong-pinansiyal ay maaaring hindi batay sa lahi, kulay o bansang pinanggalingan:

- ✗ Tumatanggi sa mga serbisyo, pinansiyal na tulong o iba pang mga benepisyo na ibinigay bilang bahagi ng mga programa sa kalusugan o serbisyong pantao.
- ✗ Magbigay ng ibang serbisyo, pinansiyal na tulong o iba pang benepisyo, o magbigay sa kanila ng magkaibang paraan mula sa mga naibigay na sa iba sa ilalim ng programa.
- ✗ Paghihiwalay o magkahiwalay na tinatrato ang mga indibidwal sa kahit anong paraan na may kaugnayan sa resibo ng kahit anong serbisyo, pinansiyal na tulong o iba pang benepisyo…

Maraming karaniwang gawaing diskriminatoryo ang mga nakilala sa regulasyon ng Titulo VI ng DHHS na natagpuan sa ika-45 ng CFR, batas 80. Para sa impormasyon kung paano magsampa ng reklamo sa diskriminasyon , o para kumuha ng impormasyon sa uri ng mga karapatang sibil, mangyaring tumawag sa amin. Ang mga empleyado ng OCR ay gagawin ang lahat upang magbigay ng mabilis na serbisyo.

**Hotlines:1-800-368-1019 (Voice)    1-800-537-7697 (TDD)**
**E-mail: ocrmail@hhs.gov    Website: http://www.hhs.gov/ocr**

Your Rights Under Title VI of the Civil Rights Act of 1964
(H-9/June 2000 – revised June 2006 - Tagalog)